06-1

Republic of the Philippines
**Department of Education**

MAR 18 2005

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 97, s. 2005

PAGDIRIWANG NG ARAW NI BALAGTAS 2005
SA MGA TANGGAPANG PAMPAMAHALAAN

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Direktor ng Lingkurang Sentro at mga Puno ng Yunit
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Patnugot ng mga Pribado at Publikong Paaralan

1. Itinakda ng Proklamasyon Blg. 964, s. 1997 na ang ika-2 ng Abril ay taun-taong ipagdiriwang bilang araw ni Francisco "Balagtas" Baltazar. Ang paksa ng pagdiriwang sa taong ito ay "*Mga Kaisipan ni Balagtas: Gabay sa Mabisang Ugnayan ng Masa at Pamahalaan*".

2. Pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino, sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon, Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon at mga tanggapang pampubliko at pribado ang pagsasagawa ng mga gawain at programa bilang paggunita sa taunang pagdiriwang sa buong bansa.

3. Ang mga pinuno ng mga tanggapan ang maaring magtalaga ng mga tanging lupong mamamahala sa nabanggit na pagdiriwang.

4. Maaaring isagawa ang sumusunod na gawain: pagtalakay sa talambuhay, mga aral at kaisipan at pagpapasulat ng maikling sanaysay/artikulo tungkol kay Balagtas at sa paksa ng pagdiriwang sa loob ng klase o silid paaralan. Ang kalakip na tinipong mga kaisipan ni Balagtas ay maaaring gawing sanggunian.

5. Para sa inyong karagdagang katanungan, tumawag lamang kay Dr. Nita P. Buenaobra, Commission Chairman IV, Komisyon ng Wikang Filipino, Watson Bldg., 1610 J.P. Laurel St., San Miguel, Maynila na may tel. blg. (02) 736-0315; (02) 736-3831; (02) 736-2519, telefax blg. (02) 736-2521; (02) 736-3834

6. Hinihiling ang malawakan at maagang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

RAMON C. BACANI
Pangalawang Kalihim
Pansamantalang Nanunungkulang Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Wala
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Iilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u> sa ilalim ng sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS SCHOOLS

Reformatted by: Sally-FranciscoBalagtas
March 1, 2005

## ILANG GINTONG KAISIPAN NI BALAGTAS

*Datapwa't sino ang tatarok kaya*
*sa mahal mong lihim, Diyos na Dakila*
*walang mangyayari sa balat ng lupa,*
*di may kagalingang Iyong ninanasa.*

**— Karunungan ng Diyos**

*Dito naniwala ang bata kong loob*
*na sa mundo'y walang katuwaang lubos,*
*sa minsang ligaya'y tali nang kasunod*
*makapitong lumbay o hanggang matapos.*

**— Ligayang Dulot ng Mundo**

*O pagsintang labis ng kapangyarihan,*
*sampung mag-aama'y iyong nasasaklaw!*
*pag ikaw ang nasok sa puso ninuman,*
*hahamaking lahat masunod ka lamang.*

**— Kapangyarihan ng Pag-ibig**

*Sapagkat ang mundo'y bayan ng hinagpis*
*mamamaya'y sukat tibayan ang dibdib,*
*lumaki sa tuwa'y walang pagtitiis,*
*anong ilalaban sa dahas ng sakit?*

*Ang taong magawi sa ligaya't aliw,*
*mahina ang puso't lubhang maramdamin,*
*inaakala pa lamang ang hilahil*
*na daratni'y di na matutuhang bathin.*

*Para nang halamang lumaki sa tubig,*
*daho'y nalalanta munting di madilig,*
*ikinaluluoy ang sandaling init,*
*gayon din ang pusong sa tuwa'y maniig.*

**— Ang Buhay ay Pakikibaka**

ISBN-971-1018-07-1

## Mga Piling Hiyas sa Florante at Laura

**Lihim ng Karunungan ng Diyos**
Datapwa't sino ang tatarok kaya
sa mahal mong lihim, Diyos na Dakila
walang mangyayari sa balat ng lupa,
di may kagalingang Iyong ninanasa.

**Ang Karikta'y Hindi Sapat**
Katiwala ako't ang iyong kariktan
Kapilas ng Langit anaki matibay
tapat ang puso mo't di nagunamgunam
na ang paglililo'y nasa kagandahan.

**Kapangyarihan ng Pag-ibig**
O pagsintang labis ng kapangyarihan
sampung mag-aama'y iyong nasasaklaw!
pag ikaw ang nasok sa puso ninuman,
hahamaking lahat masunod ka lamang.

**Ang Ngiti ng Kaaway**
Kung ang isalubong sa iyong pagdating
ay masayang mukha't may pakitang giliw,
lalong kaingata't kaaway na lihim
siyang isaisip na kakabakahin.

Datapwa't huwag kang magpapahalata
tarok mo ang lihim ng kaniyang nasa,
ang sasandatahi'y lihim na ihanda
nang may ipagtanggol sa araw ng digma.

**Ang Ligayang Dulot ng Mundo**
Dito naniwala ang bata kong loob
na sa mundo'y walang katuwaang lubos,
sa minsang ligaya'y tali nang kasunod
makapitong lumbay o hanggang matapos.

*Pabalat:*
*Ideya at disenyo*
*NICK MIRANDA*

ISBN-971-8705-06-6

# LIMANG PAG-IBIG NI BALAGTAS

*Pag-ibig sa Diyos*

*Datapuwa't sino ang tatarok kaya*
*sa mahal mong lihim Diyos na dakila?*
*walang mangyayari sa balat ng lupa*
*di may kagalingang iyong ninanasa*

*Pag-ibig sa Bayan*

*Pagkabata ko na'y walang inadhika*
*kundi paglilingkod sa iyo'y kalinga,*
*di makailan kong babal-ing masira,*
*ang mga ka'y ko'y siyang tumimawa.*

*Pag-ibig sa Magulang*

*A! Amang ama ko! kung magunamgunam*
*madla mong pag-irog at pagpapalayaw*
*ipinapalaso ng kapighatian,*
*luha niring puso sa mata'y nunukal.*

*Pag-ibig sa Anak*

*Pag-ibig anaki'y aking nakilala*
*di dapat palakhin ang bata sa saya,*
*at sa katuwaa'y kapag namihasa*
*kung lumaki'y walang hihinting ginhawa.*

*Pag-ibig sa Kapwa*

*Moro ako'y lubos na taong may dibdib,*
*at nasasaklaw rin ng utos ng langit*
*dini sa puso ko'y kusang natititik*
*natural na leing sa aba'y mahapis.*

## TILAMSIK NG DIWA NI FRANCISCO BALAGTAS

### Mga Piling Imortal Na Saknong Sa Florante at Laura

Sa mga Taong Labis na Mapagmataas at Mapang-api:

Ito ay hamak pa bagang sumansala
Ng karupukan mo at gawing masama
Kung ano ang taas ng pagdakila
Siya ring lagapak naman kung marapa.

Sa mga Taong may Mataas na Katungkulan:

O taksil na pita sa yama't mataas
O hangad sa puring hanging lumilipas
Ikaw ang dahilan ng kasam-ang lahat
At niring nasapit na kahabag-habag.

Sa mga Taong Mapagtiis at Nagsisikap:

Sapagkat ang mundo'y bayan ng hinagpis
Mamamaya'y sukat tibayan ang dibdib,
Lumaki sa tuwa'y walang pagtitiis
Anong ilalaban sa dahas ng sakit?

Pangingilag sa Mapagbalatkayo at Mapagkunwari:

Kung ang isalubong sa iyong pagdating
Ay masayang mukha't may pakitang giliw
Lalong pag-ingata't kaaway na lihim
Siyang isaisip na kakabakahin

Sa mga Taong Mahina ang Loob at Takot na Maghirap:

Ang taong magawi sa ligaya't aliw
Mahina ang puso't lubhang maramdamin
Inaakala pa lamang ang hilahil
Na daratna'y di na matutuhang bathin.

Sa mga Magulang na Labis Magpalayaw sa Anak:

Sa taguring bunso't likong pagmamahal
Ang isinasama ng bata'y nunukal,
Ang iba'y marahil sa kapabayaan
Ng dapat magturing tamad na magulang.

Ang laki sa layaw karaniwa'y hubad
Sa bait at muni't sa hatol ay salat
Masaklap na bunga ng maling paglingap
Habag ng magulang sa irog na anak.

Sa Katarungan ng Diyos:

Datapwat sino nga ang tatarok kaya
Sa mahal mong lihim Diyos na dakila
Walang mangyayari sa balat ng lupa
Di may kagalingang iyong ninanasa.

Sa Kapangyarihan ng Pag-ibig:

O pagsintang labis na makapangyarihan
Sampung mag-aama'y iyong nasasaklaw
Pag ikaw ang nasok sa puso ninuman
Hahamaking lahat masunod ka lamang.

Sa Pamamahala ng mga Namumuno sa Bayan:

Sa pamamahala nitong bagong hari,
Sa kapayapaan ang reyno'y nauwi;
Dito nakabangon ang nalulugami
At napasatuwa ang nagpipighati.

Kapag may Kasayahan ay may Kalungkutan:

Dito naniwala ang bata kong loob
Na sa mundo'y walang katuwaang lubos
Sa minsang ligaya'y tali nang kasunod
Makapitong lumbay o hanggang matapos.